SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HUNYO 21, 2021, LUNES, IKA-09:35 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

**KAPASIYAHAN BLG. 315-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET / PAGLILIPAT NG LAANG GUGULIN NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTISIMA CRUZ, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 35-T2021 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 04-T2021 NA MAY HALAGANG P150,000.00 NA MAGMUMULA SA TRAINING EXPENSES UPANG ILIPAT AT ILAAN PARA SA REPAIR AND MAINTENANCE OF GOVERNMENT VEHICLE NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Santisima Cruz para sa Karagdagang Badyet / Paglilipat ng Laang Gugulin na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 35-T2021 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 04-T2021 na may halagang P150,000.00 mula sa Training Expenses upang ilipat at ilaan para sa Repair and Maintenance of Government Vehicle ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahing pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Ramon D. Tan, Kgg. Efren L. Diaz, at Kgg. Mark Anthony P. Joven at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet / Paglilipat ng Laang Gugulin ng Sangguniang Barangay ng Santisima Cruz, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 35-T2021 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 04-T2021 na may halagang P150,000.00 na magmumula sa Training Expenses upang ilipat at ilaan para sa Repair and Maintenance of Government Vehicle ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Santisima Cruz at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hunyo 21, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
6/29/21